USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Pagkokoordina ng Biosecurity sa Iyong Lugar

Mahalagang parte ang mabuting biosecurity sa pagpapanatiling malusog ng iyong mga manok—at kinakailangan ang mabuting koordinasyon para mapanatili ito. Kaya kailangan ang coordinator ng biosecurity sa bawat pasilidad na may manukan. Binubuo ng coordinator ang plano sa biosecurity ng iyong lugar at sinisiguradong sinusunod ito ng lahat. May kaalaman dapat ang taong ito tungkol sa mga prinsipyo ng biosecurity, ngunit HINDI kinakailangang isang beterinaryo ng manok. Pinuno sa lahat ng mga bagay na may kinalaman sa biosecurity ang mga coordinator ng biosecurity. Pinangangasiwaan nila ang maliliit na detalye—at ang malalaki—upang gawin ang biosecurity na isang "araw-araw, sa bawat oras" na gawain.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, kaagad na tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensyon ng tanggapan ng iyong kooperatiba. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono ng mga kontak sa iyong lugar. Kung mas maaga ang iyong pagkilos, mas madaling mapipigilan ang sakit sa loob ng isang kawan.

## Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | **Numero ng Telepono** |
|---|---|
| **Beterinaryo** | ______________ |
| **Ekstensyon ng Tanggapan ng Kooperatiba** | ______________ |
| **Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok** | ______________ |
| **USDA** | **866.536.7593** |

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga Tip sa Pagsasanay sa Biosecurity

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay para sa mga coordinator ng biosecurity sa anumang lokasyon o antas. Ang mga partikular na tungkulin ay nag-iiba depende sa uri at laki ng operasyon ng manok.

- ☐ **Magsimula sa iyong planong biosecurity sa** pamamagitan ng paggamit ng manu-manong impormasyon at template sa **poultrybiosecurity.org**. Dapat siguraduhin ng mga pangkomersyal na nagpapatubo na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

- ☐ **Suriin ang mga panganib sa iyong lugar at unahing tugunan ang pinakamalalaki.** Natatangi ang bawat lugar, na may sariling mga kalakasan at kahinaan sa biosecurity. Makatutulong sa iyong itakda ang iyong mga priyoridad kung alam mo ang mga ito.

- ☐ **Tumutok sa kung ano ang kaya mong kontrolin.** Ang isang praktikal na plano ang pinakamahusay na plano. Saklaw nito ang mga karaniwang pamamaraan sa lugar, na may malinaw na mga hakbang na maaaring sundin ng mga tao.

- ☐ **Makipagtulungan sa mga tauhan sa site** upang maisagawa ang plano sa biosecurity. May bahagi ang bawat empleyado sa pananatiling biosecure ng paligid at sa pangangalaga sa kawan, may kinalaman man ito sa istruktura o ayos ng pasilidad o sa pang araw-araw na gawain ng pangangalaga sa mga ibon.

- ☐ **Sanayin ang lahat ng mga tauhan na** regular na pumapasok sa lugar sa mga protokol ng biosecurity at itala ang pagsasanay na ito.

- ☐ **Siguruhin na ang plano ay sinusunod.** Kung ang mga protocol ng biosecurity ay nilabag, gumawa ng pagwawasto.

- ☐ **Suriin ang plano bawat taon** o anumang oras na mayroong pagbabago sa lugar na nakakaapekto sa biosecurity. Itala ang pagsusuring ito at i-update ang plano kung kinakailangan.

- ☐ **Ibagay ang planong biosecurity upang matugunan ang mga nagbabagong panganib o rekomendasyon.** Halimbawa, kung mayroong isang lokal na epidemya ng avian influenza, isaalang-alang ang pagpapabuti ng mga hakbang sa biosecurity at isulat itong mga pansamantala't mas mahigpit na pagkilos sa plano.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK

BIOSECURITY

Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-10TL | Inilabas Oktubre 2019

Ang USDA ay isang tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon, tagapag-empleyo, at tagapagpahiram.